

1

Dahan-dahang isinuot ng alalay ng prinsipe sa kanyang paa ang kabiyak ng sapatos na naiwan ng mahiwagang babae sa bungad ng palasyo sa kalagitnaan ng isang piging. Sa pagnanais ni Prince Charming na makita ang magandang dilag na nagpatibok ng pihikan nitong puso ay nag-utos ito na isukat ang naiwang sapatos sa lahat ng kababaihan sa buong kaharian. Pakakasalan nito ang babaeng pagkakasyahan ng sapatos. Nasukatan na ang lahat, pati na rin ang kanyang dalawang stepsisters na dumalo ng piging. Ngunit sa isa ma'y walang pinagkasyahan ang sapatos. Bakas na ang pagod at frustration sa mukha ng Lord Chancellor.

Wala halos gumagawa ng ingay habang ipinapasok sa paa niya ang sapatos. Pigil din niya ang hininga at abut-abot ang kanyang kaba. Parang slow motion ang lahat.

Then... sakto! Sakto sa paa niya ang sapatos!

Lahat ay napasinghap. Halos tumalon sa tuwa ang Lord Chancellor. Nag-chorus naman sa pagngawa ang kanyang stepmother at stepsisters. Dapat lang dahil hindi nila akalaing ang babaeng inaapi-api nila ay

magiging prinsesa na ngayon.

Lumitaw sa eksena si Fairy Godmother. Sa isang kumpas ng mahiwagang wand nito ay nag-transform siyang bigla mula sa isang gusgusing maid sa napakagandang dilag na umagaw ng pansin ng lahat sa piging.

Inilahad ni Lord Chancellor ang isang kamay.

“Magandang Binibini, halina kayo. Naghihintay na sa inyo ang Kamahalan.”

Nag-curtsy siya at hinawakan ang kamay nito. Inakay siya sa isang bukas na karwahe, kasing-ganda ng ginamit niya noon sa piging na mula lang sa isang kalabasa na na-magic ni Fairy Godmother. Pagdating nila sa palasyo ay naghihintay na sa bungad ang mahal na prinsipe. Napuno ng katuwaan ang mukha nito nang muli siyang makita.

Nahihiyang nagbigay siya ng pugay sa makisig na binata.

“Ikaw nga, mahal ko! Mabuti na lamang at natagpuan ka nila.”

Hindi siya makasagot at namumula ang mukhang nakatitig lamang dito.

“Thanda ang buong palasyo. Isang marangyang

kasalan ang magaganap!” utos nito sa mga alalay. Muli siyang hinarap ng prinsipe, hinawakan ang kanyang dalawang kamay at sinabing: “Tinatanggap mo ba’ng maging kabiyak ng aking puso, Binibini?”

To which she shyly replied: “Buong puso, mahal kong prinsipe.”

Nagningning ang mga mata nito, tumitig sa kanyang mga mata. Dahan-dahang bumaba ang ulo nito sa kanyang mukha. Iniawang niya ang naghihintay na mga labi upang tanggapin ang matamis nitong halik.

Dahan-dahan... kaunti na lang... nang biglang...

Bayang Magiliw, perlas ng silanganan.

Alab ng puso, di ka pasisiil,

Gumawa ng malakas na lagabog ang pagkahulog ni Cinderella sa kama.

Aray ko!

Sapo ang nauntog na ulo at hawak pa ang kani-kanina ay yakap na unan, iinat-inat siyang bumangon at naupo sa kama. Sa background ay dinig pa rin niya ang malakas na tugtog ng national anthem.

Napatingin siya sa alarm clock na nasa tablita; alas siete na ng umaga. Napaungol siya. Kaya naman pala. Hindi na niya kailangang silipin. Sigurado siyang nasa harapan pa ang kanyang tatay kasama ang ampon nitong si Billy, kasalukuyang nagpa-flag ceremony!

Mainit ang ulong tumayo siya at dumerecho sa banyo. Kung bakit kasi kabagal humalik ni Prince Charming. Naunahan tuloy ng flag ceremony!

Si Chief Petty Officer Dominador ‘Domeng’ Silvano ay isang retired Philippine Navy soldier na naglalaro na sa sienta y cinco ang edad, ngunit kakikitaan pa rin ng liksi at lakas ng katawan. Nang magretiro ito sa pagiging sundalo at nakakuha ng separation pay ay nagpagawa kaagad ito ng flagpole sa harapang bakuran ng kanilang bahay. At mula nga noon, tuwing alas siete ng umaga ay pinatutugtog nito ang national anthem, itinataas ang watawat ng Pilipinas at tuwid na tatayo sa harap ng flagpole with matching salute. Kasama nito ang sampung taong gulang na si Billy na nang ‘mapulot’ ng ama ni Cinderella sa bangketa ay bukas-palad nitong inampon.

Marami ang naiinis sa gawaing iyon ng kanyang ama. Ilang kapitbahay na ang nagreklamo dahil

nabubulabog sila araw-araw. Pero nang minsang magharap-harap naman sila sa barangay hall, halos wala nang nakapagsalita dahil ilang oras ding ipinaliwanag ng kanyang tatay ang nilalaman ng Bill of Rights. At kung hindi pa kusang sumuko ang mga nagrereklamo ay baka natapos nito ang buong konstitusyon.

Nailing na sinilip ni Ella ang dalawa mula sa bintana ng kusina. Kung minsan ay napapagkamalan na ng mga kapitbahay na eccentric ang kanyang tatay. Pero sadyang sumobra lang ang pagiging patriotic nito.

At nasobrahan din sa pagiging law-abiding citizen. Hindi ito katulad ng iba na nakikipagpatintero sa mga sasakyan sa highway. Hahanap at hahanap ito ng pedestrian lane o kaya ay overpass para tumawid, kesehodang maglakad ito nang ilang metro.

Hindi ito lumalabag sa batas trapiko, hindi nagkakat sa daan, hindi naglalakad sa opposite side ng *MMDA* fence. Kung mayroon nga lang most law-abiding citizen award ang gobyerno, tiyak na una sa listahan ang kanyang ama.

“Oh, Cinderella. Mabuti naman at gising ka na,” bungad nito nang makapasok sa kusina. Tapos na ang flag ceremony.

Napangiwi siya kaagad pagkarinig ng kanyang pangalan. Sa lahat ng ayaw niya ay iyong babanggitin iyon nang buo. Pero di naman siya makapagreklamo sa kanyang ama. Dahil kapag nagkataon, daig pa niya ang nakarinig ng sermon sa tatlong sunod na misa sa araw ng Linggo.

Sino ba naman ang di magigising sa ginagawa ninyo? she mumbled to herself.

Sa halip na sumagot ay naghain na lang siya. Naupo na silang tatlo sa mesa upang magsalo sa agahan. Habang kumakain ay bukas ang transistor radio ng kanyang tatay at kasalukuyang ibinabalita ang updates ng ginagawang imbestigasyon tungkol sa nangyari sa *Quirino Grandstand*, ang hostage-taking ng isang bus na pulos turista ang mga pasahero.

“Ikaw, di ba may interview ka ngayon sa opisina ni Atty. Alarcon?”

Muntik na niyang makalimutan. Mamayang alas nueve nga pala ang schedule ng kanyang interview kay Atty. Joseph Alarcon, isang criminal defense lawyer na ipi-feature nila sa isang column sa *Manila Gazette*. Mabuti na lang at nagising siya sa flag ceremony. Kung nagkataon ay baka nahuli na siya sa appointment. Ang hirap pa namang matiyempuhan ang isang de-kampanyang abogado na katulad ni

Atty. Alarcon.

Tahimik nilang tinapos ang pagkain.

Nakapagbihis na siya at nag-a-apply na lang ng makeup nang pumasok si Billy sa kanyang silid.

“Ate Ella, ang ganda mo naman!”

Instead of donning her usual garb, she decided to give way to her more feminine side, na aminado siyang napapabayaang na niya dahil sa nature ng kanyang trabaho. Suot niya ang isang ruffled sleeve black halo dress na nabili niya sa isang sale sa *SM Manila*. May V-neckline at stand-up collar na nagbigay sa kanya ng elegant at smart look. Ang pencil cut skirt naman na humakab sa kanyang balakang ay pinagmukha siyang matangkad at sexy. Tinernuhan niya iyon ng isang pares ng rounded toe heels.

Overall, nagmukha siyang isang hotel executive sa halip na isang reporter sa *Manila Gazette*.

“Hindi ba ako mukhang overdressed?”

“Hindi, ah! Ang ganda-ganda mo kaya.”

Inirapan niya ang bata. “Hmph! Nambola ka pa!”

“Aba, nagsasabi lang ako ng totoo. Kung magkage nga lang tayo, naku, aasawahin talaga kita.”

Pinandilatan niya ito ng mata at binatang.

“Ikaw talagang bata ka! Nasobrahan ka na naman siguro ng kaka-surf sa computer, kaya kung anu-ano ang napupulot mo. Naku! Mahuli lang talaga kita, lagot ka kay Tatay!”

“Joke lang. Di ka na mabiro!” Billy fidgeted guiltily. Tinaasan niya ng kilay ang bata.

Mabait naman ito at masunurin. At di niya maikakailang may taglay na talino. Ikaw ba naman ang mamuhay ng ilang taon sa kalsada. Magaling itong lumusot sa anumang gulo. Not that he was into much trouble. Mula nang ampunin ito ng kanyang tatay ay natuto na ito ng tamang disiplina. At takot ito sa matanda!

“Oh, sige na. Aalis na ako at baka abutin pa ako ng traffic.”

Dinampot niya ang shoulder bag at lumabas na ng silid. Hatid siya ni Billy hanggang sa makasakay siya ng tricycle palabas ng subdivision nila.

Twenty minutes before nine nang sapitin niya ang opisina ni Atty. Alarcon na nasa second floor ng *Mayfair Building* sa Dapitan. Nasa loob na raw ng opisina nito ang abogado at marami lamang ginagawa kaya hindi pa siya maharap.

Matiyaga siyang naghintay at nag-observe.

Nakaupo siya sa isang couch sa adjacent room na nagsilbing waiting area. Isang ceiling to floor glass divider ang nagsilbing partition ng kinalalagyan niya mula sa main office. Sa tabi ng couch ay isang water dispensing machine at maliit na table kung saan nakapatong ang isang tray na may mga 3-in-1 coffee mix at disposable spoons.

Umarko ang isang kilay niya.

Hmm... sosyal ang opisinaang ito.

She continued perusing the room. Dalawang pinto ang nasa mismong opisina, isang maliit na pasilyo ang nasa kanan patungo sa CR, okupado ang dalawa sa tatlong mesa na may kanya-kanyang computer sets at nakapuwesto naman sa right side. Minimal lang ang mga gamit sa loob, just the things that are needed. Ni wala nga siyang makitang paintings na karaniwang makikita sa mga posh offices. May mangilan-ngilang plaques at framed citations but other than that, the office walls were bare.

Nasa ganoon siyang pagmumuni-muni nang biglang may pumasok na isang lalaki. Derecho nitong tinumbok ang pinto malapit sa bintana. Nakita ito ng isa sa staff. Dali-daling tumayo ang babae para

pigilan ang lalaki.

“Sir, hindi ho kayo p’wedeng pumasok diyan!”

The man suddenly stopped and reached for something inside his coat. Nang humarap ito ay may hawak nang .45 caliber pistol na itinutok nito sa nabiglang babae. Na-shock na ang pobre sa kinatatayuan, ni hindi magawang sumigaw. Pero ang kasama nito ay nakuha pang tumili. Siya naman ay napatayo sa kanyang kinauupuan.

“Walang lalapit sa inyo kung ayaw ninyong mamatay!”

Sinipa ng lalaki ang pinto, pumasok at nang tumambad dito ang pakay ay iniumang nito ang baril at ipinutok. Naghiyawan ang dalawang babae. Pati siya ay napadapa on instinct. Next thing she heard was the man’s hysterical laughter, a momentary silence and then another shot. Nang iangat niya ang ulo ay nakita niya ang estranghero na duguang nakabulagta sa sahig, a gunshot wound on his forehead, and the pistol still in his hand.

2

“Abner!” Nakita ni Ella ang kakilalang pulis sa grupo ng mga alagad ng batas na rumesponde sa nangyari.

“Ella, ano’ng ginagawa mo dito?”

“Schedule sana ng interview ko. Kaso...”

Nasa loob sila ng crime scene. Bukod sa bangkay ng lalaki ay naroon din ang bangkay ni Atty. Joseph Alarcon. Mukhang pinatay ito habang nakaupo sa swivel chair. Sa dibdib ang tama nito.

May isang bagay na napansin si Ella.

Hmm... that’s strange.

Dala ng curiosity ay lumapit siya sa bangkay.

“Ella, bawal diyan.” Narinig niya ang mahinang pagpigil nito pero di niya pinansin. Titig na titig siya sa bangkay ng abogado.

“Bakit may civilian dito?” came a booming voice from the door na nagpalingon sa kanilang lahat.

A man, must be close to six feet tall, stood powerfully with hands on his hips, on the open door. Nakasuot ito ng polo shirt na nakarolyo ang manggas

hanggang siko at bukas ang ilang butones sa dibdib. He also wore tight denim jeans and a pair of leather boots.

Seryoso ang mukha nito, but she had to admit kahit halos magdikit na ang mga kilay nito ay cute pa rin ang loko. With short trendy hair, thick eyebrows, long eyelashes, straight nose and thin lips, plus a pair of dimples. Mukha pa lang, pang-centerfold na. And she'd bet her father's whole year pension that he was hiding a six-pack behind the polo.

But danger lurked behind his dark, penetrating eyes, a silent warning. His purposeful stance radiated an air of superiority and confidence. Hindi ito ang tipo na naglalaro lang. Kung may isang word na puwede niyang gamitin para i-describe ang personality nito, isa lang ang nasa isip niya—Spartan.

“Bakit sabi may civilian dito? This is a crime scene, for God's sake!”

Halatang naalarma ang kanyang kaibigan. “Ella, halika na. Bawal talaga dito.”

Hindi niya pinansin si Abner. Sinalubong niya ang mainit na titig ng bagong dating. Sa lahat ng ayaw niya ay iyong mga taong maangas. Iyon bang sinahod na yata ang lahat ng kayabangang isinabog

ng Diyos sa lupa. Na porque't mataas ang posisyon ay parang kung sino na kung umasta. And this guy definitely belonged to her most hated variety. Dahil doon ay tumaas ang blood pressure niya. Namula ang magkabilang pisngi niya sa inis.

Pasalamat ang lalaking ito at hindi niya kabisado ang Bill of Rights kagaya ng kanyang tatay, kung hindi ay tinalakan niya ito tungkol doon.

“Hindi ako aalis.”

“E-Ella?”

“At bakit hindi?”

Halos sabay pang nagtanong si Abner at ang bagong dating.

“I’m one of the witnesses. At hindi pa nakukuha ang statement ko,” mataray niyang sagot na sinalubong ang nagbabagang mga mata nito. Hindi naman ito mukhang puyat! Pero mainit ang ulo. Baka normal na lang sa lalaki ang ganoong ekspresyon ng mukha. Iyon bang tila may period araw-araw? An image of him wearing a sanitary napkin conjured on her mind.

She almost giggled at the thought.

Napansin ni *NBI* Agent Prinz Alejandro Noble ang

pigil na ngiti ng dalaga. But her eyes twinkled with amusement, na sigurado siyang patungkol sa kanya. Lalong uminit ang mainit nang bumbunan niya.

Kababalik lang niya sa active service matapos ang six months na sick leave dahil sa tinamong gunshot wound sa isang joint operation kasama ang *PDEA* operatives para hulihin ang druglord na si Emerito Tan. They got him all right! Pero di pa man siya nakaka-recover sa hospital ay ibinalita sa kanya na ini-dismiss ang kasong isinampa nila laban dito for lack of sufficient evidence. Ang isa pang ikinasama ng loob niya ay ito pa ang nangahas na magreklamo dahil sa unconstitutional arrest na ginawa raw ng mga operatiba.

Iyon ang madalas niyang ikinaiinis sa sistema ng hudikatura. Iyon bang kahit gaano katibay ang hawak na ebidensya, there will always be loopholes in the law. Kung minsan ay nagsasawa na siya. Ngunit marami pang nangangailangan ng kanyang serbisyo. And in a system where anything goes, kawawa ang mga walang laban kung mababawasan pa ng isang dedicated lawman ang bureau. At least, they have to try.

He eyed the victim with remorse. And for the first time that day, he smiled. *One less rotten egg in the*

dozen! Akalain mo nga naman! Iba talagang gumanti ang kapalaran.

Atty. Joseph Alarcon was Emerito Tan's scrupulous lawyer. Marami siyang nababalitaang anomalya na pinasukan nito. Pero gaya ng dapat asahan, wala silang matibay na ebidensya. And as much as Prinz felt happy the lawyer was dead, tungkulin pa rin niyang imbestigahan ang pagkamatay nito. The scowl went back on his face.

On the brighter side, obvious naman kung sino ang pumatay sa abogado. All he needed to do is document everything, file a report and close the case. It could take him a day or two. Pero kung magagawa niya nang maaga ay mas mabuti.

Iyon ay kung walang distraction in the form of one smart-assed lady!

“Driz, kunin mo na ang statement niya and then get her out of here! Ayoko nang may humahara-hara sa crime scene ko.”

Nakita niyang nanulis ang nguso ng dalaga, kunot ang noo at namumula ang magkabilang pisngi. He found it strange but he liked what he saw. Her fiery, angry eyes made her more beautiful.

Hmm... more beautiful? Kailan pa niya napansin

na maganda ito?

Narinig niyang nakikipagtalo pa ito sa kausap. Salamat na lang at sa bandang huli ay lumabas din ito.

The throbbing in his temple made him wince. The sooner na matapos siya rito, the better!

Tinawag niya ang isang miyembro ng SOCO at humingi ng update.

How dare he dismiss me like that? Ang yabang talaga!

“Ella, halika na. Ibigay mo na ang statement mo para makauwi ka na.”

Nagpatianod siya sa kaibigan na dinala siya sa kasamahan nitong pulis na kumausap din sa dalawang babae na kagaya niya ay saksi sa nangyaring krimen. All the while, habang sinasagot ang tanong ng kaharap ay hindi niya hiniwalayan ng tingin ang antipatikong lalaki.

Nang matapos ay pinababa na siya ng pulis. Ngunit sa halip na pumara ng jeep pauwi sa kanila ay tumambay siya sa isang karinderia na katapat ng *Mayfair*. Naupo siya sa lugar kung saan makikita niya

ang lahat ng lalabas at papasok sa gusali. Um-order siya ng isang kanin at ulam para hindi magmukhang may minamanmanan lang siya. Naubos na niya ang kinakain nang makita niyang lumabas si Mr. Antipatiko at lumulan sa isang nangingintab na *Ford F-150* pick-up.

Aba, at big time pala ang loko!

Inubos niya ang natitirang soft drink at dali-daling bumalik sa building. Dalawang pulis lang ang naroon. Wala na ang mga miyembro ng *SOCO*. Wala na rin doon ang mga bangkay, pero may yellow tape pa rin na nakaharang sa pinto ng opisina ng abogado.

Dahil walang nakapansin sa kanya, tinawid niya ang yellow tape, at pumasok sa pribadong opisina, careful not to touch anything. Walang nagulo sa mga papel sa ibabaw ng mesa ng biktima, maliban sa ilan na nakalatag at halatang pinag-aaralan nito bago ito mapatay. Logical naman iyon dahil he was caught by surprise.

Pinagmasdan niyang muli ang buong silid. Taliwas sa mga dingding sa labas, puno ng mga palamuti ang walls sa loob. Wala sa loob na kinatok niya ang isang dingding. Nag-produce iyon ng hollow sound. Posibleng double wall lang, at hindi soundproof. Bigla siyang natigilan.

Nang pigilan ng isa sa mga staff ng abogado ang killer ay may ilang minuto rin itong natigilan. At nang tutukan nito ng baril ang babae ay tumili ang kasama nito. At nagsalita pa ang killer bago pumasok sa silid. Sa kalkula niya ay naantala rin ang killer nang may tatlong minuto. Kung narinig ng biktima ang sigaw ng empleyada, na hindi naman imposible dahil hindi nga soundproof ang room, he had enough time to get to the door para silipin kung ano ang nangyari. Then, his body should have been near the door, not sitting on his chair.

Muli siyang bumalik sa likod ng mesa. Naramdaman niya ang malakas na buga ng air-condition sa gilid.

Hmm... that's odd, naisip niya habang nakatitig sa mesa.

Sunod naman siyang lumapit sa bintana. Nai-lo-lock iyon mula sa loob. Sa labas ay isang malaking puno ng mangga na ang isang sanga ay halos umabot na sa bintana.

“Ano’ng ginagawa mo dito?”

She was startled by the irate voice. Paglingon niya ay halos isang dipa na lang ang pagitan ni Mr. Antipatiko sa kanya, his dark eyes stared at her

dangerously. Napaatras siyang bigla.

“Uh... uhm...” she stammered. “D-di ba n-nakaalis ka na?” She gave him her sexiest smile na kung sa ibang lalaki niya ipinakita ay tiyak ang pagkagayuma. Pero ang ginawa lang niyon sa binata ay ang palalimin pang lalo ang gatla nito sa noo.

She involuntarily swallowed the lump in her throat. Nakakasakal ang titig nito!

“Ano sabi ang ginagawa mo dito? Didn’t I tell you to get lost?” His voice reached an octave higher. The fighter in her was aroused. Ikinuyom niya ang dalawang kamay, ready to strike at him kung gagamit ito ng physical force.

“I came back dahil may gusto akong malaman. I want to know kung sino ang pumatay kay Atty. Alarcon.”

The man sneered, obviously not amused.

“Akala ko ba, isa ka sa witnesses? Hindi mo ba nakitang binaril siya?”

Now it was her turn to smile at him sarcastically. Obviously rin, wala itong idea sa totoong nangyari sa abogado.

“I saw what the gunman did!”

“Oh, gan’un naman pala. Ano pa ang gusto mong malaman? Alam mo bang p’wede kitang kasuhan sa ginawa mo? You’re trespassing on a crime scene. P’wede mong i-compromise ang mga evidence!”

Evidences he failed to notice, presumably.

“Oh, talaga? At ano’ng mga ebidensya naman ang p’wede kong i-compromise? I haven’t touched anything. I merely looked around.”

Naningkit ang mga mata nito.

“Sino ka ba talaga? Ang talas ng dila mo, ah!” She chose not to comment on his last remark. Her heart was already beating double time because of excitement. She was on to something! Sigurado siya roon.

“I’m Ella Silvano, a journalist from *Manila Gazette*.”

“Oh, great! A reporter! Kapag minamalas ka nga naman.” Lalong nagdilim ang mukha ng lalaki.

Halata sa tinig nito ang iritasyon. Hindi lang pala ito mayabang. Isa rin pala ito sa mga taong ang tingin sa mga kagaya niya ay police nuisance.

Hmm... mukhang dumarami na ang items sa ‘Things I Hate About You’ list niya sa lalaking ito.

“I was supposed to interview Atty. Alarcon para sa feature article namin.” Tinitigan niya ang binata mula ulo hanggang paa. “And you are...?”

“Kung sino man ako, it’s none of your business!” he muttered angrily.

Hmph! Mukhang malaki ang issue ng lalaking ito, she mused.

“So tell me why you’re here.” It wasn’t a request. It was an order.

“Sinabi ko na. Gusto ko lang matiyak kung tama ang obserbasyon ko kanina. At kung tama ang theory ko.”

“Anong theory?”

Napangiti siya sa biglang pagbabago ng tono nito. Mukhang napukaw niya ang likas na curiosity ng binata.

“I’ll tell you kung sasabihin mo kung sino ka,” she bargained na ikinatawa nito, exposing his white, even teeth. Lumalim ang dimple sa magkabilang pisngi ng binata.

Shit! Sandaling nawala sa sarili si Ella. Weakness niya ang dimples. Huwag nang idagdag na super gorgeous ang kaharap niyang nagtataglay niyon.

“Paraan mo ba iyan para lang malaman ang pangalan ko? Sinabi mo na lang sanang interesado ka, I could’ve given you more than my name.”

Alam niyang tinutukso siya nito. At nag-init ang magkabilang pisngi niya. Marami na siyang mga manliligaw na binasted, mga kasamahan sa trabaho na sanay magpalipad-hangin. At nagagawa niyang iwasan ang mga iyon. But this man affected her like no one else did. Pero hindi siya si Ella Silvano kung hindi niya kayang pakibagayan ang kapreskuhan nito.

“Don’t be too proud of yourself! Wala akong interes sa iyo, personally. I just make it my point to know everyone I cross paths with. Malay ko ba kung isang araw ay maging ally kita. Or worse, you could be a very formidable opponent. Mas mabuti nang maaga pa lang ay may alam na ako sa iyo.”

Ilang minutong nakatitig lang ito sa kanya na parang tinitimbang ang susunod na sasabihin. Nagulat siya nang ilahad nito ang isang kamay.

“Prinz Alejandro Noble, *NBI*. P’wede mo akong tawaging ‘AJ,’” pagpapakilala nito. She reached for his hand.

Double shit! Mas lalong bumilis ang palpitations ng kanyang puso. Pakiramdam niya ay magha-

hyperventilate siya anumang sandali. Pag nagkataon, headline siya bukas: *Babae, Nahimatay Dahil Sa Isang Handshake!* Nakakahiya!

She jerked her hand free. Nagtaka naman ang binata.

“Mas bagay sa iyo ang ‘Prinz’,” wala sa loob na nasabi niya. Ngumisi lang ito.

“So, ano naman itong theory na naglalaro sa isip mo?”

Ipinilig niya ang ulo para ibalik ang atensyon sa kasalukuyan.

“My hunch, our victim was already dead nang barilin siya ng gunman.”

“What?” Literal na umawang ang bibig ni Prinz. Hindi niya malaman kung matatawa sa sinabi ng dalaga o tatanggapin ang teoryang naglalaro sa isip nito. “And, sinabi mo ito dahil...?”

“Okay, ganito iyon. Natagpuan ang body niya na nakaupo dito sa swivel chair. Binaril siya sa dibdib, at close range, kung hindi man point-blank.”

Alam na niya ang lahat ng binanggit nito.

Lumapit si Ella at hinila siya. Tumayo sila sa likod ng mesa ng abogado.

“Feel anything?”

Unconsciously ay hawak pa rin nito ang kanyang kamay. The heat coming from her palm and from her nearness unnerved him. And that sweet feminine scent of hers was starting to drive him crazy. Gumapang ang init sa pagitan ng kanyang mga hita.

Yup! He felt something stir, all right.

“The air-condition. Ramdam mo ba ang buga ng hangin?”

Ah, iyon pala ang ibig nitong sabihin. Feeling suddenly dumb, he just nodded. Nagpatuloy ang dalaga.

“Kung nakaupo ka dito sa swivel chair na ito at binaril kita, there should be blood, right?”

“Yes.”

“At dahil malakas ang buga ng air-con, dapat may blood splatter sa gawing ito.” She pointed out to the right side. “And possibly on the table,” she added then smiled brightly. “Look around, Prinz. May nakita ka bang evidence ng dugo?”

She was right. Ni isang patak ng dugo ay wala siyang nakita. Pero hindi pa rin niya makuha.

“I still don’t get it.”

She raised her hand in frustration. Nagkamot ito ng ulo at nag-isip. He found the gesture cute!

“Ganito kasi iyon. Kapag namatay ang isang tao, tumitigil ang circulation ng dugo. Sometimes, naiipon ang dugo sa isang parte ng katawan dahil sa gravity, depende kung ano ang posisyon ng biktima. Sa case na ito, it could be on his lower extremities since nakaupo siya. Additionally, post mortem injuries don’t cause bleeding. Kaya wala tayong makitang traces ng dugo anywhere kahit pa sa dibdib ang tama niya.”

Hindi niya akalaing isang reporter pa ang magbibigay sa kanya ng lecture about forensic science.

“Hula ko, ilang minuto nang patay ang biktima bago pa man siya binaril.” Ella added her observation about the location of the body with respect to the length of time na naantala ang killer nang pigilan ito ng isa sa mga staff.

Prinz couldn’t help but be impressed. Granted na isa nga itong journalist and obviously very smart, but still, hindi kapani-paniwalang marami itong alam sa

mga ganoong bagay. She was talking like a seasoned detective.

“Paano mo nalaman ang mga ito?”

Ngumiti nang malapad ang dalaga.

“I’m a reporter, remember? I research things. And besides,” ngumiti ito nang may pride, “hindi ka ba nanonood ng *CSI*?”